

Rainwater Facts

Walang chlorine ang tubig ulan kaya mabuti ito sa mga halaman

Ang patak ng ulan ay isa sa pinakamalinis na uri ng tubig

Kayang palitan ng tubig ulan ang 50% ng tubig na ginagamit sa bahay



ICRAF Philippines Office

2/F Khush Hall, International Rice Research Institute (IRRI), Los Baños, Laguna 4031
PO Box 35024, UPLB, College, Laguna 4031, Philippines

Phone: +63 49 536 2701 or +63 2 845 0563
(ext. 2544, 2675, 2860) | Fax +63 49 536 2925

Email: r.lasco@cgiar.org

Rodel D. Lasco, PhD

ICRAF Claveria Research Site

MOSCAT Campus, Poblacion, Claveria, 9004
Misamis Oriental, Philippines

Mobile: +63 915 2039868, +63 920 5238552

Email: a.mercado@cgiar.org /

agustin9146@cgiar.org

Agustin Mercado, Jr., PhD



RESEARCH
PROGRAM ON
Forests, Trees and
Agroforestry



Rainwater Harvesting Gamit ang Animal-Built Embankments



Ano ang Problema?

Nakadepende sa tubig ulan ang mga magsasaka sa matataas na lugar. Ito ang kanilang ginagamit upang madiligan ang kanilang pananim. Subalit ang paiba-ibang dami ng tubig ulan ay maaaring magdulot ng pagkakapos ng tubig na gamit sa pananim. Ito ay naglilimita ng pagtatanim sa buong taon na magresulta sa mas maliit na kita ng mga magsasaka.



Ano ang Rainwater Harvesting?

Ang Rainwater Harvesting ay ang paggawa ng hukay o lugar imbakan ng tubig ulan na maaaring gamiting pandilig sa mga halaman.

Karaniwang ginagawa ito gamit ang mga makina subalit may kamahalan ang mga ito kaya't hindi rin masyadong magamit ng mga magsasaka. Ang mga karaniwang kagamitan nila sa pagsasaka ang ipinalit sa mga makina upang masulusyonan ito.



Mouldboard Plough



Animal-Drawn Scraper

Anu-ano ang Mga Pakinabang?



1 Ang naipong tubig ulan ay epektibong mapagkukunan ng irigasyong tubig lalo na kapag tagtuyot.



2 Nakatutulong ito sa pagtatanim ng mga halaman kahit wala sa kapanahunan.



3 Ang mga aning wala sa kapanahunan ay mas mataas ang presyo na nagbibigay ng mas malaking kita sa mga magsasaka.



4 Maaari ring gamitin ang tubig ulan sa mga alagang hayop.



5 Pwedeng magpadami ng isda sa mga pond upang madagdagan and pagkakakitaan.



6 Maiiwasan ang pagkasira ng kalsada sa pag-awas ng tubig.